Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

TRIZIVIR (Zidovudine + Lamivudine + Abacavir)

Bakit ako pinaiinom ng TRIZIVIR?

- Ang TRIZIVIR ay kombinasyon o pagsasama-sama ng tatlong anti-retroviral drugs na tinatawag na Abacavir (Ziagen), Lamivudine (3TC), at Zidovudine (AZT). Maaari itong gamitin ng nag-iisa o kahalo ng ibang gamot laban sa impeksyong HIV.
- Lahat ng gamot na bumubuo sa TRIZIVIR ay nabibilang sa pangkat ng mga gamot na tinatawag na “Reverse Transcriptase Inhibitors” (RTI). Itoíy humaharang sa protinang “Reverse Transcriptase”. Upang mapabagal ang paglala ng impeksyong HIV, kailangang pigilin ang protinang ito dahil ito ang kailangan ng HIV virus upang magparami.
- Ang pag-inom ng TRIZIVIR ay makababawas ng HIV virus sa katawan. Maiiwasan ang pagkakaroon ng mga sakit na kaugnay ng AIDS, mapananatiling malusog ka nang mas matagal na panahon, at mababawasan ang pagkasira ng iyong immune system.

Paano iniinom ang gamot na ito?

- Bawat isang TRIZIVIR ay naglalaman ng 300 mg ng Abacavir, 300 mg ng AZT at 150 mg ng 3TC. Ang karaniwang dosis ay isang tableta dalawang beses maghapon at maaari itong inumin nang mayroon o walang laman ang tiyan.
- Ang TRIZIVIR ay dapat ilagi sa room temperature. Panatilihing laging tuyo, huwag ilagay sa banyo o kusina, dahil maaaring mawalan ng bisa kapag namasa.
- Itabi ito sa isang lugar na hindi maaabot ng mga bata.

Paano kung malimutan ko itong inumin?

- Inumin ito kaagad sa sandaling maalala mo. Kung ang susunod na pag-inom ay sa loob ng dalawang oras, sundin na lamang ang schedule. Huwag dodoblehin ang inom.
- Napatunayan sa mga recent studies na kinakailangang regular ang pag-inom ng mga gamot upang umepekto ito laban sa HIV. Kung hindi, maaaring mawala ang bisa ng mga gamot, at ang virus ay maaaring mag-iba at makapanlaban.

Anu-ano ang mga side effects ng TRIZIVIR?

- Alin man o lahat ng mga side effects ng Abacavir, 3TC, o AZT ay maaaring maging bunga din ng TRIZIVIR. Ang mga pangkaraniwang resulta o side effects ay ang mga sumusunod:
  - pananakit ng ulo at lagnat
  - pananakit ng tiyan, pagduduwal, pagsusuka o pagtatae
  - pagkapagod o hapo
  - kawalan ng gana sa pagkain
  - hindi mapagkatulog
  - paninipis ng buhok at pangingitim ng mga kuko

- Ang pinakamalubhang bunga o side effect ng TRIZIVIR ay matinding pagramdam o hypersensitive reaction sa 3% ng mga pasyenteng umiinom nito. Ito ay sanhi ng laman nitong Abacavir at maaari ring ikamatay. Ilan sa mga palatandaan ay lagnat at panginginig, pananakit ng mga kalamnan at kasu-kasuan, pagkapagod o hapo, pagduduwal at pagsusuka, pamamantal o pangangapos ng hininga. Agad na sumangguni sa doctor kung magkaroon ng higit sa dalawa ng mga sintomas na ito. Huwag ititigil ang gamot hanggang hindi sumasangguni sa mga health service providers.
- Ang TRIZIVIR ay maaaring maging sanhi ng pagbaba ng white blood cells na nagpapataas sa panganib ng bacterial infection. Maaari ding bumaba ang red blood cells na makapagpapahapo at magpapakapos ng hininga.

Puwede bang inumin ang TRIZIVIR na kasabay ng ibang gamot?

- Maaaring mag-interact ang TRIZIVIR sa ibang gamot. Mahalagang sabihin sa doktor o sa parmasyutika kung anu-ano pang gamot ang iniinom mo (gayundin ang mga bitamina at herbs).
- Huwag iinom ng TRIZIVIR, kung umiinom ng D4T (Zerit, Stavudine) at Ribavirin (Virazid). Kailangan ring ibagay ang dosis ng mga gamot na sumusunod kung imiinom ng TRIZIVIR: Methadone, Ganciclovir, Valganciclovir, Isoniazid, Antabuse at Chloral Hydrate. Kumunsulta sa doktor kung ito ang iniinom mong mga gamot.

Puwede bang inumin ang TRIZIVIR nang may alak o street drugs?

- Iwasan ang pag-inom ng alak kung umiinom ng TRIZIVIR. Maaaring makapagpataas ito sa level ng Abacavir at ng mga side effects nito. Ang TRIZIVIR ay maaari ring mag-interact sa mga street drugs. Kumunsulta sa doktor o parmasyutika kung gumagamit ng drugs para mapayuhan ka tungkol sa mga nararapat na pag-iingat.

Puwede ba akong uminom ng TRIZIVIR kung ako ay buntis o nagpapasuso?

- Kung nais na uminom ng TRIZIVIR at ikaw ay buntis, kumunsulta sa doktor tungkol sa pag-inom nito.
- Ipinapayo sa mga inang may HIV na huwag magpapasuso sa kanilang sanggol dahil ang HIV ay maaaring masalin mula sa gatas ng ina.

Anu-ano pa ang dapat kong malaman at pag-ingatan kung imiinom ng TRIZIVIR?

- Regular na magpa-blood test at magpa suri ng atay at bato.
- Tiyaking mayroon kang tuluy-tuloy na supply ng gamot.
- Ang TRIZIVIR ay hindi pumapatay sa virus o nagpapagaling sa AIDS. Hindi rin nito pinipigil ang pagsalin ng HIV. Laging mag-ingat kung nakikipag-sex, Gumamit ng kondom. Kung nagdudurog, gumamit ng malinis na karayom.

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.